# LABANAN ANG ATAKENG MALA-SEMPO SA KABIKULAN, BIGUIN ANG BATAS MILITAR NG REHIMENG US-DUTERTE!

Pinaiiral na ni Duterte ang batas militar sa buong bansa. Mula noong i-atas niya ang MO 32, na nagsasailalim sa Bikol, Samar at Negros, sa batas militar, walang ibang dinanas ang masang anakpawis kung hindi higit na pahirap at pang-aabuso ng militar at pulis. Sinundan ito ng pagbuhos at pagkonsentra ng armadong pwersa ng estado sa mga lugar kung saan pinapalagay ng rehimeng malakas ang rebolusyonaryong kilusan at buu-buong militarisasyon ng sibilyang burukrasya. Sa rurok ng kanyang diktaduryal na ambisyon, linubos ni Duterte ang Covid-19 upang ipatupad ang lockdown at muling ibuwelo ang pagpapatupad ng mga pasista at neoliberal na patakaran.

Nitong mga nakaraang buwan, saksi ang Kabikulan sa magkakasunod at maramihang atake sa mamamayan. Parehas ang estilo ng mga ito sa ilinunsad na Synchronized Enhanced Managing of Police Operations (SEMPO) o Oplan Sauron sa Negros. Ipinalalaganap ng SEMPO at ng buong kampanyang kontrainsurhensya ng rehimen ang teror sa tangkang lumpuhin ang paglakas ng kilusang masang pinakakinatatakutan ng rehimeng US-Duterte. Kinakatangian ito ng pagdumog ng militar at pulis sa magkakanugnog na baryo. Bitbit ang mga iligal na search at arrest warrant, dinadakip, kinukulong o pinapatay ang sinumang paghinalaang simpatisador ng rebolusyonaryong kilusan maging mga lehitimong lider masa at mga kasapi ng progresibong organisasyon.



***Mga Paglabag sa Karapatang Tao:***

**1500** **Pambubomba**

**27** **Iligal na inaresto, dinetine o dinukot**

**43** **Ekstrahudisyal na Pamamaslang**

**23** **Hinalughog ang bahay**

***Mga Bagong Binuong Yunit ng Militar at Pulis sa Rehiyon:***

- Sniper Company
- CMO Chameleon Battalion
- Special Action Battalion
- 22nd IB, mula Cadre Battalion ay ginawa nang Maneuver Battalion

**Mula noong iatas ang MO 32 (Nobyembre 2018)*

Tanda ng paghihingalo ang pag-uulol ni Duterte na ipatupad ang batas militar sa buong bansa. Mula sa deka-dekadang karanasan ng pagpapatalsik at pagpapanagot sa mga pasistang rehimen, ubos-kayang lalabanan ng mamamayang Pilipino ang batas militar ng rehimeng US-Duterte.

## *Paano lalabanan ang atakeng mala-SEMPO?*

Mapangahas ang mga aksyong ilinunsad ng mamamayan sa mga nakaraang buwan upang ipaglaban ang kanilang karapatan at kolektibong kagalingan. Sa gitna ng matinding panggigipit, kritikal ang panahong ito upang lalo pang palawakin at maging malikhain sa pagpukaw, pag-organisa at pagmobilisa laban sa pasismo at diktadura.

**1. MAKIBAHAGI SA MGA PULONG MASA AT IBA PANG LUNSARAN NG PAMPULITIKANG TALAKAYAN.** Tuluy-tuloy na kampanyang edukasyon ang isinasagawa ng mga organisasyong masa at yunit ng BHB ngayon sa mga saklaw nilang baryo. Para magkaroon ng mas malalim na pag-intindi sa mga isyung kinahaharap ng mamamayan sa kasalukuyan, pinakamaigi ang makalahok sa naturang mga talakayan. Ayain ang lahat upang matiyak na maabot ang pinakamalawak na hanay ng masa sa baryo.

**2. BUUHIN ANG DEPENSA NG KOMUNIDAD.** Mag-organisa ng mga lambat ng WeBulong o anumang taktikang tulad ng pasa bilis, upang kagyat na maipaabot ang balita ng pagdumog ng militar at pulis mula sa isang lugar tungo sa iba pang karatig nitong baryo. Magtakda ng patrolya sa baryo upang mabantayan ang pagkilos ng AFP-PNP-CAFGU at maagapan ang kanilang mga atake. Sa gabay ng komite ng Partido na nakasasaklaw sa erya, bumuo ng Yunit sa Depensa sa Sarili o sumapi sa Milisyang Bayan upang matiyak ang depensa ng komunidad.

Maging masinsin sa paglilihim at pagkokompartmentalisa ng impormasyon upang maiwasan ang pagkalat ng nito. Maging maingat sa manera ng pagpupulong at anumang pagtitipon. Dapat tasahin ng mga kasapi ng organisasyong masa ang kani-kanilang indibidwal at kolektibong seguridad at makapagplano ng pamamaraan upang mailayo sa kapahamakan ang mga posibleng target ng kaaway at nasa Order of Battle ng AFP. Panghawakan ang lihim at ligtas na aktibong pagkilos sa kabila ng banta ng pasismo ng estado. Tiyakin ang seguridad ng mga selpon, laluna sa laganap ang paggamit ng kaaway ng GPS, wiretap at iba pang elektronikong paniktik.

**3. ITAMBOL ANG MGA PANG-AABUSO NG AFP-PNP-CAFGU.** Pinakaepektibong malalabanan ang saywar at disimpormasyon ng rehimeng US-Duterte kapag ang masang mismong nakararanas ng pang-aabuso ng AFP-PNP-CAFGU ang nakapag-uulat nito. Bigyan ng sapat na kaalaman ang mamamayan ng baryo sa kanilang ligal at demokratikong karapatan para maaabot ang mass media at iba pang daluyan (hal. trooping the radio stations o TRS, text brigades at social media) sa pag-uulat ng mga pang-aabuso ng militar at pulis sa kanilang lugar. Maging handa sa mabilisang pagsagot sa mga isyu at pag-uulat ng mga paglabag sa karapatang tao upang hindi na mabigyan ng puwang na kumalat pa ang kasinungalingan ng rehimeng US-Duterte. Baklasin at pigilan ang pagkalat ng mga pampleto at poster at iba pang materyales ng AFP na nagpapakalat ng disimpormasyon at panliligalig sa pagkakaisa ng mamamayan. Aktibong gamitin ang lahat ng porma para ipanawagan ang mga makatarungan at demokratikong kahingian ng mamamayan.

**4. MAGING BAHAGI NG MALAWAK NA KILUSANG ANTI-PASISTA, ANTI-PYUDAL AT ANTI-IMPERYALISTA.** Sumapi sa mga rebolusyonaryong organisasyong masa upang maging bahagi ng higit pang malaking laban sa pyudalismo, burukrata kapitalismo at imperyalismo. Maging aktibong bahagi ng agresibong kampanya sa propaganda at edukasyon. Sa pamamagitan ng pagpapaloob sa organisasyon, matitipon at makokonsentra ang hiwa-hiwalay na inisyatiba at madidirehe ito tungo sa pinakamakitid na target – ang pagpapabagsak ng pasista at diktador na rehimen. Mapoprograma rin ang pagpapataas ng pampulitikang kamulatan ng bawat kasapi tungo sa pagpapaunlad ng mga bagong kasapi at kadre ng PKP.

Makipagtulungan sa BHB at maging bahagi ng lambat-paniktik at kontra-paniktik nito upang sama-samang mabigwasan ang AFP-PNP-CAFGU bago pa sila maghasik ng teror sa komunidad. Bukas ang mga yunit ng Pulang hukbo at mga sonang gerilya sa anumang porma ng suporta na maaaring ipaabot ng masang nakapalibot sa kanila. Handa rin ang mga yunit gerilya na nakasasaklaw sa erya na kumupkop sa mga inalisan ng karapatang lumahok sa ligal na pakikibaka. Pinakamalaking ambag na maaaring ibigay ay ang mismong pagsapi sa BHB at pag-alay ng buong panahon sa pagsusulong ng makatwiran at makatarungang digma ng mamamayan.



***MASANG BIKOLANO, MAGKAISA LABAN SA BATAS MILITAR!***
***HUSTISYA PARA SA LAHAT NG BIKTIMA NG PASISMO NG ESTADO!***

## ***IBAGSAK ANG REHIMENG US-DUTERTE!***